Mga Ahensya ng Pangunahing Serbisyo sa San Mateo County:

Pang-emerhensiyang Tulong sa Pinansiya para sa Pabahay

Kung nangangailangan ka ng pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya para makatulong sa mga gastos sa pabahay, mangyaring mag-apply sa lalong madaling panahon.

Mga hakbang sa pag-a-apply para sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya:

Tawagan o bisitahin ang website ng Ahensya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar

Kumpletuhin ang aplikasyon para sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya at maglakip ng pinakamarami sa hinihinging dokumento hangga't maaari

Kapag kinontak ka ng Ahensya ng Pangunahing Serbisyo para sa karagdagang impormasyon, sumagot sa lalong madaling panahon upang maibigay ang impormasyong hinihingi nila. Kapag nahihirapan kang makakuha ng alinman sa mga dokumentong hinihingi nila, kontakin ang Ahensya ng Pangunahing Serbisyo.

Kapag naisumite na ang isang nakumpletong aplikasyon at lahat ng hinihinging dokumento, rerebyuhin ng Ahensya ng Pangunahing Serbisyo ang aplikasyon at kokontakin ka upang ipaalam sa iyo kung naaprubahan o hindi ang aplikasyon. Ang layunin ay iproseso ang mga aplikasyon sa loob ng 2 linggo mula nang maisumite ang lahat ng dokumento, gayunpaman, maaaring humaba ang tagal ng pagpoproseso.

Limitado ang mga pondo sa pang-emerhensiyang tulong sa pinansiya, at dapat matugunan ng mga aplikante ang mga pamantayan sa kwalipikasyon at kumpletuhin nila ang proseso ng aplikasyon upang maisaalang-alang.

Kung mayroong anumang katanungan, tawagan ang Ahensya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar.

Kung naghahanap ka ng legal na tulong o legal na payo kaugnay ng iyong pabahay, maaari kang kumontak sa mga tagapagbigay ng serbisyong legal, tulad ng Legal Aid Society ng San Mateo County (https://protect-us.mimecast.com/s/ZQGxC1wpG1c8l5qliLF8_Jo 650-558-0915) o sa Community Legal Services sa East Palo Alto sa (650) 326-6440.

Tawagan o bisitahin ang website para sa Ahensya ng Pangunahing Serbisyo na naglilingkod sa inyong lugar para sa dagdag na impormasyon

8 PANREHIYONG PANGUNAHING AHENSYA

DALY CITY COMMUNITY SERVICE CENTER
https://www.dcpartnership.org/daly-city-community-service-center/
350 90th St., Daly City | (650) 991-8007
Lugar na Pinaglilingkuran: Daly City, Broadmoor, Colma

YMCA COMMUNITY RESOURCE CENTER
https://www.ymcasf.org/community-resource-center-ymca
1486 Huntington Ave., South San Francisco | (650) 276-4101
Lugar na Pinaglilingkuran: Brisbane, San Bruno, S. San Francisco

PACIFICA RESOURCE CENTER
https://www.pacresourcecenter.org/services/
1809 Palmetto Ave., Pacifica | (650) 738-7470
Lugar na Pinaglilingkuran: Pacifica

COASTSIDE HOPE
https://coastsidehope.org/programs/
99 Avenue Alhambra, El Granada | (650) 726-9071
Lugar na Pinaglilingkuran: Montara, Moss Beach, El Granada, Half Moon Bay

SAMARITAN HOUSE
https://samaritanhousesanmateo.org/service/case-management/
4031 Pacific Blvd., San Mateo | (650) 347-3648
Lugar na Pinaglilingkuran: Belmont, Burlingame, Foster City, Hillsborough, Millbrae, San Mateo, San Carlos

SAMARITAN HOUSE SOUTH
https://samaritanhousesanmateo.org/service/case-management/
1836B Bay Rd., East Palo Alto | (650) 294-4312 Lugar na Pinaglilingkuran: East Palo Alto, Menlo Park

PUENTE DE LA COSTA SUR
https://mypuente.org/programs/
620 North St., Pescadero | (650) 879-1691
Lugar na Pinaglilingkuran: La Honda, Loma Mar, Pescadero, San Gregorio

FAIR OAKS COMMUNITY CENTER
https://www.redwoodcity.org/departments/parks-recreation-and-community-services/do-you-need-help
2600 Middlefield Rd., Redwood City | (650) 780-7500
Lugar na Pinaglilingkuran: Redwood City, North Fair Oaks, Portola Valley, Woodside, Atherton

Rev. 9/13/2022

COUNTY OF SAN MATEO
HUMAN SERVICES AGENCY